# MAKATUTULONG SA IYO ANG BATAS NG ESTADO AT PEDERAL

Ang mga nangungupahan na nakaranas ng karahasan sa tahanan ay protektado ng mga batas ng estado ng California at ng ilang pederal na mga batas na gaya ng Fair Housing Act (7 CFR § 1901.203).

Ang ibang batas pederal ay espesipikong nagbabawal ng pagtanggi sa isang aplikasyon para sa pag-upa para sa pinansiyal na tulong ng pederal na pabahay batay sa dati mong mga karanasan sa karahasan sa tahanan. (24 CFR § 5.2005 – VAWA Protections)

# HERA

Mga tagapagtaguyod ng mga karapatang pang-ekonomiya at pabahay ng HERA


**Makipag-ugnayan sa amin:**

(510) 271-8443 Ext. 300

inquiries@heraca.org

www.heraca.org

P.O. Box 29435

Oakland, CA 94604


California Commission on the Status of Women and Girls


Ang proyektong ito ay naging posible dahil sa isang kaloob mula sa Komisyon ng California sa Estado ng Mga Babae at mga Batang Babae (California Commission on the Status of Women and Girls).




# KARAPATAN NA HINDI MATANGGIHAN NG PAG-UPA SA PABAHAY DAHIL SA KARAHASAN SA TAHANAN

# SA PAMPUBLIKO/ SUBSIDISADONG PABAHAY, MAY KARAPATAN KA:

Na hindi tanggihan ang iyong aplikasyon sa pabahay dahil sa di-mabuting kredito, kasaysayan sa pag-upa, di-bayad na upa o pagkakautang sa bahay, o naunang mga paglabag sa pag-upa na tuwirang resulta ng karahasan sa tahanan.

# PARA MAPROTEKTAHAN, DAPAT KANG:

Magsumite ng form na ibinigay ng HUD na nagsasaad na:

- Ang aplikante ay isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan
- Ang dahilan kung bakit sila tinatanggihan ay konektado sa karahasan sa tahanan
- Ang pangalan ng nang-aabuso (kung ito ay kilala at ligtas na ibigay)

Ang mga nangungupahan sa mga programa ng abot-kayang pabahay tulad ng Seksyon 8, pampublikong pabahay, at abot-kayang pabahay na mga ari-arian na kilala bilang mga ari-arian ng LIHTC ay pinoprotektahan din ng Batas sa Karahasan Laban sa Kababaihan (Violence Against Women Act) (34 U.S.C. § 12491(b)(1)). Ang mga nangungupahan sa mga programang ito ay hindi maaaring paalisin o pagkaitan ng tirahan dahil sa masamang kredito, utang, o mga paglabag sa pag-upa na nangyari dahil sa karahasan sa tahanan.

Tip sa Pagsasanay: Maraming mga tagapagbigay ng pabahay ang hindi nakakaalam ng proteksyong ito, kaya kung ikaw ay tinanggihan ng pabahay dahil sa isang isyu sa kredito o paupahang dulot ng karahasan sa tahanan, maaaring makatulong na makakuha ng isang manggagawang panlipunan (social worker) o abogado upang tumulong sa pagtataguyod para sa iyong mga karapatan. Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa liham ng HUD na ito simula sa pahina 7: https://www.hud.gov/sites/documents/17-05hsgn.pdf.

# IBA PANG MGA MAPAGKUKUNAN

- Impormasyon sa paghahandang umalis: Pambansang Koalisyon Laban sa DV (National Coalition Against DV), Pag-asa at Kapangyarihan para sa Iyong Personal na Pananalapi (Hope and Power for Your Personal Finances):

https://ncadv.org/assets/2497/hope_and_power_english_version.pdf?1506375199990=

- Impormasyon sa mga isyu sa credit score at mga mapagkukunan ng pang-aabuso sa pananalapi:

www.debt.org/advice/financial-help-domestic-violence-victims/

- Impormasyon sa pagkuha ng mga utos sa pagpigil sa California:

WomensLaw.org,
CA Restraining Orders
https://www.womenslaw.org/laws/ca/restraining-orders